

## 1

Dear heart,  
I'm watching the man I love as he waits for the woman he wanted to be with for the rest of his life. It kinda sucks but I have to be happy for him. He is after all, my best friend.

He's my hired knight in shining armor. I'm his damsel in distress... and that's how it's gonna be.

Alexis sighed as she read the words from an old diary. Hindi niya alam kung bakit hanggang ngayon ay damang-dama pa rin niya ang bawat letra sa mga pahina ng notebook na iyon. That diary was about the most important person in her life right now.

“Alexis Cai!”

Nagulat siya nang bigla na lang tapikin ni Anne ang work station niya. She took a deep breath as she looked at her officemate. Anne Smith had been her friend since she first started working here in a call center company. She really considered her as one of her good friends.

“My god! You spaced out again. Ano na nama'ng problema mo?” She sighed as she rolled her eyes. Kahit paano naman ay napangiti siya sa sinabi nito.

“Worried ka sa akin,” nakatawang aniya.

Anne shook her head.

“I swear, if this is about Jacinto Emilio again, I’m gonna wring your beautiful neck!” angil nito.

Na-freeze ang ngiti niya habang nakatingin dito. Ganoon ba talaga kalaki ang epekto ni Jacinto Emilio sa kanya na kahit pangalan lang nito ay tumitibok nang mabilis ang puso niya?

Yes, she was in love with that guy, pero matagal naman na niyang alam na hindi pwede. Jacinto Emilio was her best friend and it was supposed to stay that way, pero ang kulit-kulit ng utak niya, ayaw makinig. Na-realize niya lang isang araw, habang nakatingin dito, na in love na siya sa lalaki.

She was shocked by her realization. Ilang beses siyang nakipagdiskusyon sa sarili niya, maraming beses niyang sinaway ang sarili, pero ayaw niyang makinig sa lahat ng pagbabawal na iyon. Basta na lang, isang araw, mahal na niya ito.

Although, she knew this thing would never end up in a happy way. Kung sasabihin niya dito, mas malaki ang posibilidad na masaktan siya at mawala ito sa kanya kaysa ang maging masaya sila. Hindi niya kayang mawala si Jacinto Emilio sa buhay niya. They had been friends for more than fifteen years. Malaki ang butas na maiiwan kung sakaling mawala sa kanya si Jacinto.

“Hanggan kailan ka tanga?” tanong muli ni Anne sa kanya.

She made a face.

“Midnight na pala kaya na-aaswang ka na naman,” biro niya sa kaibigan.

“Seryoso ako! He didn’t even remember your birthday ‘tapos papakatanga ka sa kanya? Isang tawag lang niya and you’re there already. Masyado mong ginagawang available ang sarili mo para sa

kanya, eh, hindi naman niya deserve iyon.”

“JC is a busy man. Isa pa, hindi ko naman nire-require sa kanya na maalala ang birthday ko. He’s on vacation.”

“Kahit nasa impierno pa siya, dapat hindi niya kalimutan ang birthday mo!” sigaw ni Anne. Napalakas ang tinig nito kung kaya napatingin sa kanila ang ilang mga kaopisina niya. She just smiled and waved at them ‘tapos ay inirapan niya si Anne.

“Okay, so maybe he forgot my birthday, so what?” sabi niya. “Hindi naman sa akin umiikot ang mundo ni Jacinto.”

May kung anong kumirod sa dibdib ni Alexis. Idinaan na lamang niya iyon sa isang mahabang buntong-hininga. Alam naman niya na mula noon pa man, hanggang sa pagiging magkaibigan lang sila ni Jacinto. She sighed again.

Ibang-iba ang mundo ni Jacinto sa kanya. He liked parties, booze, and women. Hers revolved around a much simpler routine—reading books, watching movies, going to work.

But still, she managed to be friends with him. Madali lang namang maging kaibigan si Jacinto. Parang bata lang ito. Gusto nito nang may makasama palagi. Siya naman ay laging available para rito.

Alexis had known him for a long time at hindi na talaga niya makita ang sarili na wala ito sa buhay niya. She loved having him around and missed him whenever he wasn’t. Tulad ngayon. Halos apat na araw na itong hindi nagpaparamdam sa kanya. He was probably on a vacation with some girl he met at a party. She sighed. Alam niyang kailangan na niyang kalimutan si Jacinto. Halos limang taon na nang ma-realize niyang in love siya sa

kaibigan, pero wala pa ring nangyayari sa kanya at alam niyang wala naman talagang kahihinatnan ang damdamin niya para rito. She was just making a fool of herself.

“Hah! You keep on saying that pero ang totoo, you’re silently wishing na sa ‘yo nga iikot ang mundo ni Jacinto Emilio!”

“What do you want me to say?” tanong niya kay Anne. Hindi naman niya itatanggi na makailang ulit na niyang inisip na sana, tingnan naman siya ni Jacinto sa isang paraan na kakaiba, na nakakakilig, nakakapigil-hininga, pero tulad ng dati, alam niyang imposible iyon.

Anne rolled her eyes at her before returning to her post. Kahit paano ay nakahinga na siya nang maluwag dahil tinigilan na siya nito. Her friend was convinced that she was in love with her best friend. Ayon dito ay naiintindihan daw nito ang nararamdaman niya dahil nangyari na rin iyon dito at hindi maganda ang kinalabasan. Na-touch naman siya sa concern ni Anne para sa kanya.

Alam naman niya ang dapat niyang gawin—kakalimutan na niya si Jacinto. Kung kailan mangyayari iyon, iyon ang hindi niya alam.



*“Jacinto Emilio. Knight-in-shining-armor for hire.”*

Napangiti si Jacinto habang nakatingin sa labas ng bintana ng kanyang sasakyan. He couldn’t believe that pick-up line worked on girls. He couldn’t believe that he got laid a lot of times, with different women, just by using that line.

“Sir, nandito na po tayo,” untag sa kanya ni Thomas, ang driver

niya.

Tumango siya at lumabas ng sasakyan. He could've just gone to his own home but he decided to go to his parents' house instead because he missed his mother so much. Napailing siya. Siguro kung may makaalam na ang unang babaeng pinuntahan niya ay ang kanyang Mama ay pagtatawanan siya ng mga ito. It was so out of his character—but he loved his mother so much.

He had two other brothers, Santiago Emilio III and Aguinaldo Emilio. He smirked at how funny their names were. His father decided on their names because their surname was Emilio. He probably thought it would be cool, pero sa tuwing ipapakilala niya ang sarili sa mga tao ay natatawa ang mga ito sa pangalan niya. Oh well, at least, madaling matandaan ng mga girls ang name niya. Plus pogi points iyon sa kanya.

“Ma!” tawag niya pagpasok sa bahay. “Ma, your favorite son is home!” he said playfully. Lalong lumawak ang ngiti ni Jacinto nang makita niya ang mama niya na naglalakad palapit sa kanya. She was smiling, too. He sighed. Hindi niya alam kung para saan ang bumikig na iyon sa kanyang lalamunan but he had never seen her smile like that.

When his father died, her mom became too weak and depressed. Akala niya ay mawawala rin ito sa kanya, pero buti na lang at naka-recover ito. Hindi niya talaga alam ang gagawin kung sakaling pati ang kanyang ina ay mawala.

Agad siyang niyakap nito at saka hinagkan sa pisngi.

“How was your vacation, son?” tanong ni Melanie Emilio. She looked good. She must be feeling happy these days.

“Good, Ma.” He smiled. “I’ve missed you.”

“Kumain ka na ba?”

“May pasalubong ako sa ‘yo, Ma,” sabi niya dito. Agad niyang kinuha ang isang malaking brown paper bag at ibinigay iyon dito. His mother smiled. Umupo ito sa silya at saka tumingin sa kanya.

“Alexis was here yesterday,” sabi nito. Napatingin siya sa kanyang Mama nang marinig ang pangalan ng kaibigan. Alexis Cai was his best friend—well, his girl best friend. Hindi nga siya makapaniwala minsan na magkakaroon siya ng kaibigang babae.

“How is she?” Ilang araw niya ring hindi nakausap ang kaibigan. He was busy having fun and totally forgot about other things.

“She’s good. She baked me a cake,” nakangiting sagot ng ginang.

Kumunot ang kanyang noo. “Why?” Napailing siya. Napaka-spontaneous talaga minsan ng kaibigan niya.

“Jacinto, it was her birthday yesterday,” sabi ng kanyang mama. “She’s twenty-eight already. Akala ko ba best friends kayo, bakit nakalimutan mo ang birthday niya?”

He smirked. “Talaga? Birthday niya?”

“Bakit hindi mo puntahan? Magtatampo iyon sa ‘yo.”

Agad siyang tumalikod. Hindi na niya nagawang magpaalam sa Mama niya. Tinawag niya si Thomas at saka muling sumakay sa kotse.

“Alexis.” Iyon lang ang sinabi niya sa driver at alam na nito ang destination nila. He smirked at himself. This wasn’t the first time that he forgot Alexis’ birthday. Taon-taon na lang yata ay

nakakalimutan niya ang birthday nito. Kasi naman, kung hindi siya busy, natataon na nasa ibang lugar siya sa tuwing sasapit ang birthday nito. He sighed.

Kilala niya si Alexis, hindi naman siguro ito magtatampo sa kanya, pero hindi siya sigurado. He just really wanted to see her tonight.

Thomas stopped the car in front of her house. Agad siyang bumaba at dahil sanay naman na siya sa bahay ng mga ito ay tuluy-tuloy na siyang pumasok. He was greeted by LeBron's bark. He smiled at the dog.

"Hey, LeBron! Ate mo?" tanong niya dito. Nakasanayan na niyang kausapin ang mga alagang aso ni Alexis. Muling tumahol si LeBron at pumasok na siya sa loob ng bahay. Nakita niya ang ina ng dalaga na nasa dining area at kumakanta-kanta pa.

"Tita..." tawag niya dito, pero mukhang hindi siya nito naririnig dahil busy ito sa pagkanta.

"Tita!" sigaw niya.

"Ay kabayong malaki!" gulat na sigaw nito. Agad itong humarap sa kanya.

Jacinto flashed his sweetest smile.

"Ang Utak ng Katipunan," nanlalaki ang mga matang anito.

"Si Lexy po?" nakangiting tanong niya.

Gumanti ito ng ngiti saka inginuso ang hagdanan. Sumenyas siya na aakyat, tumango naman ito. Tinungo niya ang hagdan at saka dumeretso sa silid ng kaibigan. He didn't even bother to knock on her door and went inside just like what he had been doing for years.

He sighed. Alexis' room had this familiar air in it. The walls were still green and dark blue, with posters of her favorite band and a photo collage of her family. There was also a 2x2 photo of him on her bedside table.

He sighed again. He saw her lying on her bed, eyes closed, hair all over her face, her mouth slightly opened. Bakit nga ba lagi na lang niyang nakakalimutan ang birthday nito?

Naupo siya sa kama at saka tinitigan ito. Nai-imagine na niya ang sasabihin nito kapag nakita siya nito na naroon.

“Alex,” gising niya rito. Dinutdot niya ang binti nito. “Alex...”

Alexis stirred. Tumagilid lang ito at saka nagtakip ng unan sa mukha. He sighed. Muli ay ginawa niya ang pagdudot sa binti nito.

“Ano ba....” bulong ng kaibigan.

Napangiti siya. Pinagapang niya ang daliri sa binti nito.

“Rise and shine, Alexis...” bulong din niya. Nang hindi pa rin ito bumangon ay kiniliti ito ni Jacinto sa tagiliran. Bigla itong nagising at napabangon mula sa kama.

“Mother of God!” she exclaimed when she saw him.

Nginitian niya ito.

“Ano’ng ginagawa mo dito?!”

He made a face and then gave her that puppy dog eyes which always worked on her.

“Hi,” bati niya dito na pilit pinipigilan ang tawa. Ang messy kasi ng buhok ni Alexis, para itong sinabunutan ng sampung katao. Bigla itong umupo sa tabi niya at saka hinawi ang buhok sa mukha nito.



“Bakit nandito ka? Kadarating mo lang o noong isang araw pa?” tanong nito.

He just smiled and stared at her. He realized that he really did miss his friend. Hinawakan niya ang kamay nito at saka hinatak palapit sa kanya. He gave her a big bear hug.

“Belated happy birthday,” bulong niya. Tinulak siya ni Alexis at saka ngumuso.

“As usual, nakalimutan mo na naman ang birthday ko ‘tapos wala ka na namang regalo sa akin,” sabi nito sa kanya. Tulad noon ay ni walang himig ng pagtatampo sa tinig nito.

“Sorry,” sabi niya.

“Fifteen years na tayong magkasama at sa fifteen years na iyon, dalawang beses mo lang akong binati ng happy birthday on time!”

“Kasi naman,” he made a face again, “wrong timing lagi iyong birthday mo.” Bigla ay piningot siya nito.

“Ano’ng petsa na, pero ganyan pa rin iyang excuse mo!” gigil na gigil na sabi nito sa kanya. Natawa siya nang malakas.

“I miss you, Lexy.” He didn’t know what happened to Alexis but her cheeks suddenly turned red and then after a while, she smiled.

“Pangit mo. Tara nga kumain na tayo!” sabi nito sabay tayo. Hinatak nito ang kanyang kamay para lumabas na ng silid nito. Lumawak ang ngiti ni Jacinto. He made a mental note to buy something special for her birthday...